


Mga bagay na maaring dalhin sa Environment Resource Gallery



Kung dadalhin ninyo mismo sa Kankyo Shigen Gallery

Araw ng pagtanggap : Lunes hanggang Biyernes <hindi kasama ang mga pista opisyal at mga araw na walang pasok sa katapusan ng taon at Bagong Taon> 9:00am-12:00, 1:00pm-4:00pm

Pagtanggap sa piyesta opisyal o bakasyon :

Ika-2 Sabado, ika-4 na Linggo ng buwan, 9:00am - 11:30am (Kailangan ang pagpapareserba)

◆ Singil para sa mga basurang mula sa tahanan
100 yen + consumption tax bawat 10 kg

◆ Singil para sa mga basurang mula sa kalakal o business
150 yen + consumption tax bawat 10 kg

Patakaran sa pagdadala

Kailangan ang patiunang reserbasyon para sa mga petsa sa ibaba.

Maaaring magpapareserba isang linggo hanggang isang araw bago ang pagpapadala.

【Mga araw na kailangan ng reserbasyon】 Mga araw ng holiday ng pagtanggap (ika-2 Sabado, ika-4 na Linggo ng buwan), Golden Week, mga araw ng Obon, bago matapos ang taon at mga araw ng Bagong Taon

【Paraan ng pagpapareserba】 ◎Pagpapareserba sa internet (Magagamit nang 24 oras)



(2D na code ng sistema ng reserbasyon)

Mula sa isang device gaya ng computer o smartphone, magpunta sa URL sa ibaba o sa QR code sa kaliwa.

<http://gallery-yoyaku.rsvsys.jp>

◎Pagpapareserba sa telepono (Lunes hanggang Biyernes


<hindi kasama ang mga pista opisyal at mga araw na walang pasok sa katapusan ng taon at Bagong Taon>

9:00am-12:00, 1:00pm-4:00pm)

TEL : 0537-29-5070 (Para lang sa mga pagpapareserba)

Hindi tinatanggap ang mga telebisyon, air conditioner, washing machine, clothes dryer at refrigerator.

Mapa ng Kankyo Shigen Gallery



◇Dismantling fee

Kung ang mga sumusunod na item ay hindi na-disassemble, sisingilin ang isang pagbawas ng bayad bilang karagdagan sa bayad sa paghahatid.

[Target na mga item]

Mga kutson sa tagsibol, mga upuan sa masahe, mga organo, Electronic organ, sofa bed, electric bed

[Bayad sa disass Assembly] 1,500 yen / item + consumption tax

[Mga Alituntunin para sa pagtatanggal]

Paghiwalayin ang mga bahagi na nasusunog (kahoy, tela, plastik, atbp.) At ang mga bahagi na hindi nasusunog (makina, metal, atbp.).

Para sa mga katanungan ukol sa pagtapon ng basura: Environment Conservation Section ng City Hall ☎0537-21-1145
Kankyo Shigen Gallery ☎0537-23-2273

Para sa Kakegawa District Manual o Gabay sa Pagbukod ng Basura

Mga itinakdang patakaran sa pagtapon ng basura

- Ang pook kung saan itatapon ang mga basura ay karaniwang itinatakda ng mga nakatira o mamamayan sa loob ng district o purok. Kung hindi ninyo alam ang lugar, magtanong sa mga namamahala nito o ang may-ari ng inyong apartment, sa sariling kompanya o sa mga kapitbahay.
- Pakilabas ang mga basura bago mag-8:30 sa umaga sa araw ng pagkolekta ng basura. Huwag ilabas o itapon ang mga basura sa araw o gabi bago ang takdang pagtapon ng mga ito.
- Pakilagay ang mga basurang maaring sunugin at ang mga basurang hindi maaring sunugin sa mga garbage bags o supot na itinakda ng Kakegawa-shi. Bilhin ang itinakdang supot sa mga grocery stores, super markets, convenience stores, at iba pa.
- Ukol sa paraan ng pagsulat ng pangalan sa supot, kumunsulta muna sa inyong purok o district para makasiguro.



Mga basurang
maaring sunugin

Pakilagay sa itinakdang supot na semi-transparent at gawa sa polyethylene.

Mga basurang
hindi madaling masunog

Pakilagay sa itinakdang supot na semi-transparent at gawa sa polyethylene.



Mga basurang maaring sunugin (Combustible)

Dalawang beses sa isang linggo:
Ilagay sa itinakdang supot na gawa sa polyethylene.

Kapag ang basura ay masyadong malaki at hindi magkasya sa itinakdang supot, dalhin ang mga basura sa Environment Resource Gallery.



タガログ語



Mga bagay na gawa sa plastic (Plastic na lalagyan at mga pakete)

Isang beses bawat linggo: Ilabas sa net na kulay asul o string bag sa pook kung saan kinukolekta ang mga bagay na maaring i-recycle.



Mga plastic na lalagyan at mga pakete na may ganitong marka

Ang mga itinakdang bagay ay napapaloob sa kategoryang ito



Ang mga patakaran sa paglabas o pagtapon

① Pamilya



Huwag iwanan ang mga laman sa loob.



Punasan ng papel o banlawan ng tubig upang alisin ang amoy o mga solid materials. Kahit na may kulay o may price tag na nakakabit, maari itong i-recycle.

② Pook ng pagkolekta



● Ilabas sa pamamagitan ng supot, iba pa, at ilagay sa itinakdang string bag o net.



● Para sa plastic shopping bags, talian ng square knot at ilagay sa string bag o net.

Mga basurang hindi maaring sunugin (Noncombustible)

Isang beses bawat buwan: Ilagay sa itinakdang supot na gawa sa polyethylene.


Kapag ang basura ay masyadong malaki at hindi magkasya sa itinakdang supot, dalhin ang mga basura sa Environment Resource Gallery.



Salamin, uri ng mga salamin, china ware (balutin sa papel, at iba pa, ang mga bagay na gawa sa salamin o china ware upang maiwasan ang panganib)




Aluminum (kuskusing mabuti at tanggalin ang dumi para i-recycle ito)



Metal (maliban sa mga lata)




Lighter (ubusin ang laman at ilabas lahat ang gas sa loob nito)



Kutsilyo, magnets (balutin sa papel, iba pa)



Bombilya



Spray cans



Ubusin ang laman nito upang maiwasan ang apoy at butasan ito sa labas ng gusali.




Compact appliances (putulin ang kurdon at bigkisin ang mga ito)


*Ipunin at ayusin sa isang tumpok ang mga kawad o kable at bigkisin ang mga hangers.

Mga baterya / mga bateryang maaring i-recharge

Isang beses bawat buwan: Ilabas ang lalagyan sa pook na kung saan kinukolekta ang mga bagay na maaring i-recycle



Mga baterya



Mga bateryang maaring i-recharge



Mga button-type na baterya

Florescent tubes, thermometers, temperature indicators (na may lamang mercury)

Isang beses bawat buwan: Ilagay sa lalagyan ng bagong produkto, iba pa, ang pinaglumaang produkto at itapon o ilabas ito.



Florescent tubes




Thermometers

Mga botelya

Isang beses bawat buwan: Ilagay sa nararapat na mga lalagyan sa pook kung saan kinukolekta ang mga bagay na maaring i-recycle.

Walang kulay / transparent



Kulay kayumanggi




Iba pang kulay tulad ng asul, itim, berde, iba pa.



Mga lata

Isang beses bawat buwan: Ilagay sa nararapat na mga lalagyan sa pook kung saan kinukolekta ang mga bagay na maaring i-recycle.

Alminum / bakal



Mga lata ng juice
Mga bagay na nasa lata
Gatas na nasa lata
Tsaa na nasa lata

Mga snacks at seaweeds na nasa lata



Mantika sa pagluluto

Isang beses bawat buwan: Ilagay sa nararapat na mga lalagyan sa pook kung saan kinukolekta ang mga bagay na maaring i-recycle.



*Para sa mga mantika na gamit na matapos palamigin sa normal na temperatura

*Takpan ang takip ng mabuti.


食用油

Mga boteng gawa sa plastic

Isang beses bawat buwan: Ilabas sa net na kulay berde o string bag sa pook kung saan kinukolekta ang mga bagay na maaring i-recycle.



*Limitado sa mga bagay na may ganitong marka lang.



Babala (Mga boteng gawa sa plastic)

Tanggalin ang mga takip at labels at apakan ang mga botelya sa mga paa, iba pa.



*Ilabas ang mga takip at mga marka o labels sa "Mga bagay na gawa sa plastic".